

Ang Ating Kuwaresmang Abuloy ng Pagmamahal

Ang ating mundo ay hindi umiiral sa kaguluhang walang saysay. Tinuturo ng ating pananampalataya na nilikha ng Diyos ang mundo ayon sa banal na kalooban. Sa kaloobang ito, nilikha ng Diyos ang bawat isa sa atin sa banal na larawan at binigyan tayo ng espesyal na dangal at misyon.

Sa kasawiang-palad, hindi natin ginawang mangyari ang plano ng Diyos. Sa halip, maraming tao ang namuhay sa mga situwasyon kung saan sila ay pinagkaitan ng kanilang dangal at hindi natupad ang kanilang bokasyon. Minsan ang ganoong situwasyon ay resulta ng kaguluhang gawa ng pagmamataas ng tao at kasakiman.

Sa mensahe ngayong taon ni Papa Fransisko siya ay nanawagan sa atin na tingnan muli ang ating relasyon sa lahat ng nilikha ng Diyos at hindi natin ilaan ang mga sarili sa kasakiman, kundi mapagpakumbabang itayo ang nagbibigay-buhay na mga relasyon. Hindi natin dapat piliin ang daan ng kumpetisyon. Sa halip, naisin natin na magtulungan ang lahat sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng batas ng Diyos, ang utos ng pagmamahal.

Ang Kuwaresma ay panahon ng pagtanggap ng praktikal na hakbang sa landas na ito. Ito ay nangangailangan na ang ating pananampalataya ay dapat dumaan sa patuloy na pagbabago. Dapat tayong bumalik sa ugat ng ating pananampalataya, tinatanong ang sarili kung tunay na nagsusumikap upang madala ang liwanang ng Ebanghelyo sa lahat ng tao.

Isa sa mga mahalagang elemento ng Simbahan ay mapagmamahal na serbisyo, at para sa atin ang paggawa ng mapagmamahal na serbisyo ay hindi lang simpleng pagiging mabuti. Ito ay pagsasabuhay sa esensiya ng pananampalataya. Sa ganyang paraan, ang ating iba't-ibang pagsusumikap upang ipagtanggol ang biyaya ng buhay galing sa Diyos ay tunay na serbisyo ng pagmamahal.

Ang tradisyon ng Kuwaresma ng Simbahan ay nananawagan sa atin upang isipin muli ang ating pananampalataya, binigyang diin ang panalangin, pag-ayuno at mga gawa ng pagmamahal. Ang ating abuloy sa Kuwaresma ay gawa ng pagmamahal na may pusong nagtatalaga na gumawa ng sakripisyo para sa iba. Sabay tayong magtrabaho upang ipagtanggol ang mahalagang biyaya ng buhay na galing sa Diyos.

Dagdag sa emerhensiyang tulong sa mga sakuna, ang inyong tugon sa Kampanya ng Caritas para sa Kuwaresma ay nagbibigay ng pangmatagalang suporta sa mga programa sa pagtatanggol ng mga nanganganib na buhay sa Japan at ibang bansa sa pamamagitan ng pagsuporta sa edukasyon ng etnikong kabataan sa nagpapaunlad na mga bansa at pagpapalakas ng mga kababaihan. Siempre, ang suporta para sa Caritas ay nanggaling sa abuloy ng bawat-isa sa buong taon ngunit ang one third sa suportang iyon ay naggaling sa mga abuloy para sa Kuwaresmang Kampanya ng Caritas.

Pakiusap na muling makipagtulungan sa Kuwaresmang Kampanya ng Caritas sa taon na ito upang ang pagmamahal sa inyong puso ay umabot sa maraming tao sa buong mundo.